ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH
IDPH
PROTECTING HEALTH, IMPROVING LIVES

NEWS RELEASE

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS
Pebrero 12, 2020

KONTAK:
Melaney Arnold
melaney.arnold@illinois.gov

Nabigyan ng Awtorisasyon ang Illinois Upang Ituloy ang Testing para sa Novel Coronavirus

Hindi Naapektuhan ng Ibang mga Isyu sa Ibang mga State ang In-State Testing para sa Coronavirus sa Illinois

CHICAGO – Kinumpirma ng Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng mga Sakit (CDC) at ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH) na ang mga test para sa 2019 Novel Coronavirus (2019- nCov) na isinagawa ng Illinois ay hindi naapektuhan ng mga isyu na nakita sa ibang mga state. Dahil dito, kinumpirma ng CDC na dapat ituloy ng IDPH ang pagbibigay ng in-state testing para sa 2019-nCoV. Ang lahat ng naibigay nang test ay nakumpirmang wasto.

Inilabas ang balitang ito pagkatapos ng anunsiyo ng CDC ngayong umaga tungkol sa hindi matiyak na resulta ng mga test sa ibang mga state. Hindi naaapektuhan ng anunsiyong ito ang Illinois, kung saan nakipag-ugnayan ang IDPH sa CDC upang matagumpay na maberipika na ang lahat ng test, mga kontrol ng test at mga sampol ng beripikasyon ay nagpakita ng mga wastong resulta. Sa unang parte ng linggong ito, naging unang state ang Illinois na nag-alok ng in-state test para sa Novel Coronavirus. Maibibigay na ng IDPH ang mga resulta ng test sa loob ng halos 24 oras.

Maaaring tumawag ang mga residente ng Illinois sa labas ng Chicago sa hotline para sa kanilang mga pangkalahatang tanong tungkol sa novel coronavirus sa 800-889-3931 o mag-email sa DPH.SICK@illinois.gov. Ang numero para sa mga naninirahan sa Chicago ay 312-746-4835, Lunes hanggang Biyernes, sa oras ng pag-oopisina, at 311 naman sa gabi, mga weekend at holiday. Ang email ay coronavirus@chicago.gov.

Makakakuha ng dagdag pang impormasyon, kasama na ang Mga Kadalasang Tinatanong, tungkol sa novel coronavirus sa IDPH website.

###